

Preventive Measures laban sa COVID-19 Infection Joint Emergency Message ng Aichi, Gifu at Mie Governors

Sa kasalukuyan, ang bilang ng mga infected ay mabilis na tumataas sa buong bansa at sa tatlong prepektura ng Tokai. Mangyaring gawin sa abot ng inyong makakaya ang mga hakbang upang maiwasan ang impeksiyon sa 'parating na 3rd Wave nitong katapusan ng taon'.

【Sitwasyon ng COVID-19 Infection sa 3 Prefectures】

Sa pagdami ng infected na tao, kumakalat ang impeksiyon sa "mga restawran na may aliwan sa mga sentro ng lungsod", "gatherings/ kainan ng madaming miyembro ng mga kamag-anak, atbp.", "sa lugar ng trabaho" at sa "welfare o medical facilities", na nagdudulot din ng mga 'cluster/kumpol'.

Nangyayari din ang mga kaso ng impeksiyon sa ibayong mga prepektura.

【Sitwasyon ng COVID-19 Infection sa buong Bansa】

Bilang karagdagan sa Tokyo Metropolitan, dumami rin ang mga infected sa Hokkaido at Okinawa.

Dumarami ang clusters/kumpol at nagkaka halu-halo (diversified).

Sa Lahat ng Mamamayan ng Prepektura

- **Dumarami ang kaso ng impeksiyon sa mga tahanan. Hindi na maaaring maging pabaya sa loob ng sariling tahanan.**

Upang maiwasan ang pagdala ng virus sa loob ng bahay, lubusang ipatupad ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas ng impeksiyon. ("Pagsuot ng mask", "Paghugas ng kamay", "3 M's na dapat iwasan". Masugid din gawin ang "Pagpapa pasok ng sariwang hangin sa bahay" kahit na malamig ang panahon.)

- **Impeksiyon sa Kainan at Inuman ay dumarami**

Sa darating na Year-end at New Year vacation, kung saan marami ang salu-salo (party), iwasan ang mga establishment o area na mataas ang risk ng impeksiyon. Magingat at mag-isip ng mga paraan upang mabawasan ang panganib ng impeksiyon tulad ng **pagiging maingat sa "mga party na maraming tao na dinaraos ng mahabang oras", "party na may inuman ng alak", atbp.** Iwasan din **"makipag- usap ng matagal nang walang suot na mask", atbp.** sa mga taong hindi kasambahay.

Sumangguni sa ※**"Five High Infection Risk Situations"** na iminungkahi ng Novel Coronavirus Disease Control Office batay sa nakuha nilang datos sa pagsusuri ng mga cluster/kumpol hanggang ngayon.

※ 'Mga pagtitipong may inuman, atbp.', 'Kainan at inuman ng maraming tao na idinaraos ng mahabang oras', 'Pag- alis ng mask habang nakikipag- usap', 'Magkasamang pamumuhay sa masikip na lugar', at 'Mga lugar na parating labas-pasok ang mga tao'

- **Dahilan din ng pagdami ng impeksiyon ang lumalabas pa rin ng bahay kahit na masama ang pakiramdam**

Kung naramdaman na hindi na maganda ang pakiramdam tulad ng may lagnat, ubo, pagkawala ng panlasa, at pananamlay, itigil na lahat ng aktibidad tulad ng paglabas, pagpasok sa trabaho o paaralan at kumunsulta agad sa isang medikal na institusyon.

○ **Masusing aksyon sa pag-iwas ng impeksiyon sa mga seasonal events**

Sa paglahok sa "Seasonal Events" (Christmas, New Year's Eve, New Year's day atbp,) kung saan nagtitipon-tipon ang maraming bilang ng mga tao, lubusang ipatupad ang "pangunahing mga hakbang sa pag-iwas ng impeksiyon" tulad ng pagtiyak ng distansya sa mga tao, pagsuot ng mask, paghugas ng kamay, at pagpigil sa pagsasalita nang malakas.

Iwasan sumali sa mga event, atbp. sa mga pampublikong lugar kung saan nagtitipon ang hindi matukoy na bilang ng mga tao na walang organizers at magsalita ng malakas.

Sa lahat ng Business Operators at Managers

○ **Dumarami ang kaso ng impeksiyon na kumakalat sa lugar ng trabaho, businesses, atbp.**

Kapag may impeksiyon sa trabaho, magdudulot ito ng malaking pinsala sa negosyo.

Bilang karagdagan sa pag-oberba sa Guidelines for Infection Prevention Measures in Each Type of Business, epektibo ito kung magsasagawa ng mga aksyon ayon sa hiniling ng mga gobernador ng 3 Prepektura, tulad ng pagtatalaga ng isang taong namamahala sa mga countermeasure at regular na pagkumpirma sa mga aksyon na ito.

○ Bilang karagdagan, ang impeksiyon ay kumakalat hindi lamang sa oras ng trabaho kundi pati na rin sa **"mga oras kung saan ang mga tao ay maga-alis ng mask tulad ng mga social dining pagkatapos ng trabaho at paninigarilyo habang breaktime, atbp"**. Masusing kumpirmahin na ang inyong mga empleyado ay isinasatupad ng maayos at maingat ang infection prevention measures.

○ Lalo na sa mga welfare facilities na ginagamit ng mga matatanda na madaling kapitan ng malubhang sakit, bigyang-pansin at muling kumpirmahing mabuti at lubusang ipatupad ang mga countermeasure.

○ Para sa mga institusyong pang-edukasyon na tumatanggap ng mga dayuhang mag-aaral at negosyong may mga dayuhan empleyado, kukunsiderahin din ang mga pagkakaiba sa wika at kultura at ipakalat ang mga hakbang sa pag-iwas ng impeksiyon para sa mga dayuhan.

Konsiderasyon sa Human Rights kaugnay sa COVID-19

○ Lumikha ng isang Lipunan na hindi kailan man magdi- discriminate o tatanggi sa taong infected o sa tao na kabilang sa isang grupo na nagkaroon ng kaso ng impeksiyon at ang paglalabas ng hindi tamang impormasyon o tsismis sa SNS.

Pagtataguyod ng pagpapalakas ng kooperasyon sa pagitan ng 3 Prepektura

○ Upang maitaguyod ang mabisang mga hakbang sa pag-iwas ng impeksiyon, ang 3 Prepektura ay makikipagtulungan at magbabahagi ng impormasyon tungkol sa katayuan ng mga infected sa bawat prepektura (lalo na ang mga indibidwal na kaso ng impeksiyon na nag cross over sa prepektural borders, kalagayan ng clusters at paano ito pinapangasiwaan, atbp.) ng mabilis.

Nobyembre 12, 2020

Gobernador ng Aichi Prefecture
Gobernador ng Gifu Prefecture
Gobernador ng Mie Prefecture

Mr. Hideaki Omura
Mr. Hajime Furuta
Mr. Eikei Suzuki